



UNIVERSITY OF THE EAST
Graduate School
Manila

Master sa Edukasyon (MEd)		
Filipino		
Core		Yunit
GED 7101	Psychological Foundations of Education	3
GRR 7501	Statistical Methods Applied to Research	3
GRR 7502	Research Methods across Disciplines	3
GED 7200	Multimedia in Education	3
		12
Major		
GTF 7101	Panimulang Lingwistika para sa mga Titser	3
GTF 7102	Pagkatutong Wika – Teorya at Pananaliksik	3
GTF 7103	Pagtuturo ng Filipino	3
GTF 7104	Pagtuturong Pagbasa at Panitikan sa Kontekstong Bilingwal	3
GTF 7105	Paggawang Pagsusulit at Kagamitang Panturo sa Filipino	3
		15
Elective		
GTF 7106	Pagsasalingwika (Akademiko)	3
GTF 7301	Kasaysayan ng Panitikan sa Pilipinas	3
GTF 7302	Malikhang Pagsulat sa Filipino	3
GTF 7303	Panunuring Pampanitikan sa Filipino	3
GTF 7304	Pag-unlad ng Maikling Katha at Nobela	3
GTF 7305	Seminar sa Panulaang Tagalog	3
GTF 7306	Ponor, Epiko, Katutubong Awiting Bayan	3
GTF 7307	Pamamahayag sa Filipino	3
GTF 7308	Seminar sa Dulang Tagalog	6
GRR 7700	Komprehensibong Pagsusulit	-
GRR 7903	Action Research	3
GRR 7904	Case Writing in Education	3
		6
Total		39

* TP #278-R2, 1969; 1975; SY 1979-1980; AR, 2012-2013.

**PAASCU Level II Re-Accredited Status (December 2016-November 2019)

CORE

GED 7101 Psychological Foundations of Education

The application of psychology to education including the determinants of behavior, how students learn, the transfer and management of learning, etc.
(3 units)

GRR 7501 Statistical Methods Applied to Research

Fundamentals of statistics as applied to master's degree research, including population, sample, parameter, statistics, and variable; the branches of statistics, sources of data, sampling concepts, sample selection methods; analysis and interpretation of data using statistics software (3 units)

GRR 7502 Research Methods across Disciplines

Methods and designs, concepts, processes, tools and interpretation of results of research in different disciplines (3 units)

GED 7200 Multimedia in Education

Blended learning involving the use of online learning and relevant educational technologies to deliver teaching content (3 units)

MAJOR

GTF 7101 Panimulang Lingwistika para sa mga Titser

Nagbibigay-diin ang kursong ito sa mga batayang kaalaman sa makaagham na pag-aaral ng wika. Bukod dito, pokus ng kursong ito ang pagtalakay sa iba't-ibang kawak sa pag-aaral ng wika: ponetika at ponolohiya (ang estruktura't pardon ng mga tunog, morpolohiya (pagbuo ng mga salita at bahagi ng mga pananalita), semantika (kahulugan ng mga salita at ekspresyon); Gayundin ang implikasyon at paglalapat nito sa pagtuturo ng Pilipino. Saklaw rin ng kursong ito ang barayti ng wika at pahambing na pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas. (3 yunit)

GTF 7102 Pagkatutong Wika – Teorya at Pananaliksik

Tinutukoy sa kursong ito ang mga pangunahing teorya na may kinalaman sa sikolohiya at linguistika kasama na ang mga pananaw behabyoral at kognitibo; sarbey ng mga natuklasan sa pananaliksik. (3 yunit)

GTF 7103 Pagtuturo ng Filipino

Saklaw ng kursong ito ang mga makabagong pamamaraan, tuntunin at teknik sa pagtuturo ng Filipino sa lahat ng antas. Tatalakayin rin ang paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo, pagtatalakay at ang paglutas ng mga natatanging suliranin makakaharap sa pagtuturo sa Filipino. (3 yunit)

GTF 7104 Pagtuturong Pagbasa at Panitikan sa Kontekstong Bilingwal

Tatalakayin ng kursong ito na malinang ang pang-unawa ng bilinggwalismong pandaigdig at lubusang pagkaunawa sa patakaran ng edukasyon bilinggwal sa Paaralang Pilipino. At ang pagbibigay-diin sa mga umiiral na suliranin sa implementasyon ng mga patakaran at mungkahing paglutas sa mga suliranin na may kaugnayan sa ugali, paghahanda ng mga guro at kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang saklaw nito sa iba't-ibang antas sa elementary. (3 yunit)

GTF 7105 Paggawang Pagsusulit at Kagamitang Panturo sa Filipino

Ang kursong ito ay naglalayong matutunan ng mga mag-aaral ang paglinang ng isang kapaki-pakinabang na kurikulum at paghahanda ng mga kagamitang kailangan sa pagtuturo sa Filipino. (3 yunit)

ELECTIVE

GTF 7106 Pagsasalingwika (Akademiko)

Ang kursong ito ay tatalakay sa pahapyaw na pag-aaral sa kasaysayan ng pagsasalingwika, gayundin ang mga pamamaraan sa pagsasalin ng iba't-ibang mga larangan o disiplina kasama na ang mga akda, gaing patula o tuluyan, upang higit na mapalawak ang pananaw ng mga mag-aaral sa pagsasalingwika. Mahalaga rin para sa mga nagsisimulang magsalin ang ilang batayang simulain at teknik na dapat isaalang-alang sa pagsasalingwika. (3 yunit)

GTF 7301 Kasaysayan ng Panitikan sa Pilipinas

Ang kurso ay tumatalakay sa iba't-ibang Panahon ng Panitikan ng Pilipino na sumasaklaw bago dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyang panahon. (3 yunit)

GTF 7302 Malikhaing Pagsulat sa Filipino

Ang kursong ito ay malinaw na nagpakita ng pag-aaral ng mabuting pahayag sa pamamagitan ng pagsulat. Tatalakayin ang diwa at kasanayan sa pagbuo ng pangungusap. Kailangan ang maingat na paglalapat ng mga salita at salitang may isa at sampung kahulugan. Ipakikita rin ang mga saligan ng malinaw at epektibong pagsulat sa paggamit ng mga sawikain at talinghaga. Ang tula, talumpati, sanaysay at awit ay pag-aaralang sulatin. Kinakailangan ang matalinong paggamit ng mga bahagi ng pananalita (figure of speech). (3 yunit)

GTF 7303 Panunuring Pampanitikan sa Filipino

Ang kurso ay tumatalakay sa teorya, simulain at pamamaraan ng pagbasa, interpretasyon at pagsusuri ng panitikan mula sa bagong krisismo hanggang sa post-modernismo. (3 yunit)

GTF 7304 Pag-unlad ng Maikling Katha at Nobela

Sinasaklaw ng kurso ang kasaysayan ng nobela at maikling kuwento sa Pilipinas. Tatalakayin ang katuturan, mga uri, paksa, simbolismo at bahagi ng maikling katha at nobela. Ipaliliwanag ang mga pananaw ng manunulat at ang paraan ng pagsulat. Paghahambingin ang iba-ibang paksa ng nobela at maikling kuwento na nalathala sa iba't-ibang panahon. Pag-aaralan ang kasalukuyang estilo ng pagsulat ng mga panitikang ito. (3 yunit)

GTF 7305 Seminar sa Panulaang Tagalog

Isang kursong pangkolehiyo tungo sa paglinang ng mga kasanayan at kakayahan sa pagsulat, pagsusuri at pagtuturo ng tula. Ito ay nakatuon sa paggamit ng wika at ng mga katangian nito sa pagsulat ng masining na tula na maipahahayag ang mga kaisipan sa katutubong karanasan at kabatiran. (3 yunit)

GTF 7306 Ponor, Epiko, Katutubong Awiting Bayan

Ang kursong ito ay tungkol sa agham ng linggwistika na may kinalaman sa palatunugan ng wika at ang pagbuo ng mga ito. Pinag-aaralan ang palatunugan sa tatlong paraan: pagsasalita, pandinig at kontrol ng tunog "acoustics." Ang mga bahagi o sangkap na ginagamit sa pagsasalita at ang ponemang segmental o suprasegmental kalakip ang mga katangian tulad ng alopono, alomorpo, klaster ng mga katinig ay pinag-aaralan din. Isang pamanahong papel (term paper) ang kailangan sa pagsusuri ng mga ponema, morpena at sintaksis ng mga pangunahing wika sa Pilipinas ang ginagamit na batayan. (3 yunits)

GTF 7307 Pamamahayag sa Filipino

Sumasaklaw ang kursong ito sa pag-aaral ng pagsulat at paghahanda ng pahayagang pampaaralan. (3 yunit)

GTF 7308 Seminar sa Dulang Tagalog

Ang dula ng ating bansa ay kasintanda ng ating sariling kasaysayan. Tatalakayin sa kursong ito ang mga tradisyon at kulturang umukit sa mga pangyayaring naging dahilan ng pagluluwal ng dulang Filipino. Pag-aaralan din and mga kritikal na suliranin tulad ng panlipunan at ekonomiko na inilarawan sa mga dula na naging hagdan sa pagkamulat at pagkakilala sa kahalagahan ng dula. (3 yunit)

GRR 7700 Comprehensive Examination

Prerequisite: Completion of all course work. (0 units)

GRR 7903 Action Research

Research designed to diagnose education problems or weaknesses to help educators solve them practically, quickly and efficiently (3 units, Prerequisite: Completion of all course work)

GRR 7904 Case Writing in Education

Writing reports on analysis of cases in education (3 units, Prerequisite: GRR 793)